



Isang serye ng Mga Panukala sa Pang-emergency sa Mga Regulasyong Pang-emergency

Inaprubahan ng pamahalaan ang isang serye ng mga hakbang sa kaluwagan sa mga regulasyong pang-emergency upang payagan ang pagpapatuloy ng mga aktibidad sa pang-ekonomiya sa likod ng Coronavirus. Ang mga regulasyong ito ay kinansela ang paghihigpit sa paglabas ng bahay, maliban sa mga lugar at aktibidad na mananatiling pinagbabawal ng mga regulasyon.

Pinagsamang pag anunsyo

Opisina ng Punong Ministro at Kalusugan

Sa ibaba ang buod ng mga regulasyong pang – emergency {Novel Coronavirus} {Paghihigpit ng mga Aktibidad}

- Simula sa araw na ito, mga additional na mga aktibidad at mga businesses ay pinapayagan, kasama na dito ang mga aklatan o libraries, lahat ng uri ng mga hindi pang medical ng pang-gagamot, mga alternatibong mga pang- gagamot. Mga hotels ang mga guest houses. Mga natural reserves, mga national heritage sites, at mga national na parks, mga zoos, at mga safaris. Bukod pa ditto, pinapayagan ang pag bubukas ng mga paliguan o mga swimming pools, para sa pampalakasan at mga therapeutic na aktibidad.
- • Natutukoy na ang petsa para sa pagbubukas ng mga mall, pamilihan, at gym ay Huwebes, Mayo 7th, 2020.
- • Ang mga operator ng mall ay kinakailangan panatilihin ang mga patakarang alituntunin upang mapanatili ang kalusugan ng publiko.
- Kailangang nilang tuparin ang mga alituntunin na pinirmahan online na form sa website the Ministry of Economy kasunod sa isusumite para sa pagproproseso ng local na awtoridad. Ayon sa mga panuntunang ito, ang isang itinalagang empleyado ay itinalagang tagapangasiwa para sa pagpapatupad ng mga panukala para sa kalusugan ng publiko sa mall.



Ang bilang ng mga taong pumapasok sa mall, pati na ang mga empleyado, ay maayos na pinapatupad ang mga alituntunin sa lahat at anumang oras, hindi hihigit sa isang tao bawat 20 square square. Ang isang tanda na nagpapahiwatig ng pinahihintulutang bilang ng mga tao ay ilalagay. Ang layo ng 2 metro sa pagitan ng mga tao sa mall ay dapat panatilihin, kabilang ang mga linya ng paghihintay. Ang mga itinalagang lugar na hintayan para sa mga naghihintay sa linya ay dapat minarkahan, at dapat maglagay ng mga palatandaan na pinapahalalanan ang mga tao na mapanatili ang kanilang distansya. Hanggat maari dapat, tiyakin ng operator ng mall na hindi hihigit sa 2 katao bawat elevator. Ang mga panuntunan sa kalinisan ay dapat mapanatili, kabilang na dito ang paglalagay ng hand sanitizer dispensers ay dapat nakalagay sa may ibabaw na kitang kita ng at aksesibol sa lahat o buong mall. Mahigpit na pinag babawal ang pag upo habang kumakain sa lahat ng lugar sa mall. Ang mga tingi na pagbebenta sa merkado ay pinapahintulutan ang pag bubukas base sa pahintulot ng pamunuang local na awtoridad na napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon. Ang lokal na awtoridad ipinapatupad ang pag control ng bilang mga taong pumapasok sa merkado o loob ng shop, kabilang na ang mga empleyado at ang may-ari ng negosyo, sa lahat ng paraan at sa anumang mga oras ay hindi hihigit ang bilang ng isang tao sa bawat 20 metro ng luwag ng lugar. Ang restriktong pag papatupad ng bilang ng mga tao na nasa merkado or lugar na kinakailangang mag- lagay ng mga sign na pinapaalalahanin ang mga tao na pinapayagan na pumasok sa loob ng lugar sa lahat ng oras at panahon. Hangga't maaari, ang mga lokal na awtoridad ay dapat panatilihin ng distansya ng hindi bababa sa 2 metro ang pagitan ng mga tao, kasama na ang mga linya ng paghihintay, upang maiwasan ang pagpasok at pagiging crowded ng lugar o pagkapuno ng lugar. Ang mga itinalagang lugar o linya para sa paghihintay ay dapat minarkahan, at ang paglalagay ng mga palatandaan na pinapaalalahanin ang mga tao na panatilihin ang kanilang distansya sa bawat isa. Ang mga panuntunan sa kalinisan ay dapat mapanatili, kabilang na ang paglalagay ng mga hand sanitizer sa mga ibabaw. Ang mga paglalagay ng dispenser na hand sanitizer ay dapat ilagay sa aksesibol na lugar sa buong merkado o shop. Hindi pinapayagan ang pag-upo sa lugar ng merkado. Ang pag pasok sa loob ng establimento na walang suot na face mask at mahigpit na pinag- babawal.



- Ang mga operator ng aklatan o library ay dapat sumunod base sa mga alituntunin na pinatupad kasama na ang mga karagdagang patakaran, kabilang ang paglalagay ng isang divider sa counter ng checkout upang maiwasan ang mga pagkalat ng mga likido o droplets sa pamamagitan ng paghinga at dapat ihiwalay ang mga libro na ibinalik sa silid-aklatan sa loob ng 3 araw.
- Bilang karagdagan, tungkol sa mga tindahan o negosyo para sa mga hindi medikal na paggagamot sa katawan, napagpasyahan na ang operator ay maaaring mag papasok ng mga tao sa isang ratio ng isang tao bawat 15 square meters na puwang sa bukas na lugar sa mga tao, o isang ratio ng 2 tao bawat checkout lane, alinman ang mas mataas.
- Napag alaman at naditermina sa kabila ng pag babawal ng awtoridad ang pag punta sa mga beaches, ang pag-daan sa beach ay pinahihintulutan lamang sa mga gawaing pampalakasan na aktibidad.
- Ang paghihigpit o restriksyon sa pag sasagawa o pagdarasal sa distansya na 500 metro mula sa bahay ay tinanggal na {ang restriksyon sa pagsasagawa ng dasal o pagdarasal na ang maksimum na kapasidad ay 19 katao lamang sa bukas na lugar at nanatili pa rin ayun sa mga alituntunin na pinatutupad}.
- Ang mga ritwal na pag tutuli ay maaring ganapin o iganap hangang 19 katao lamang na bilang ng mga dadalo { sa halip na 10 katao }
- Tungkol sa mga pampublikong lugar at lugar ng trabaho, napagpasyahan na sa isang gusali na may 5 palapag o higit pa, maaring ma-operate kalahati base sa pinapahintulutang kapasidad { pinapayagan ang higit sa 2 kato sa loob ng elevator }
- Napag pasyahan na ang sesyon sa psychotherapy ay pinapahintulutan na gaganapin ng walang suot na face mask, hanggat pinapanatili ang layo ng 3 metro sa pagitan ng pasyente at therapist.
- Tungkol sa ritwal na paliguan, napagpasyahan na kasabay ng mga nakaraang paghihigpit (hanggang sa 3 katao na kalalakihan ang pinapayagan sa loob ng panlalaki na mikveh at isang tao na nakatalaga para sa pambabae na mikveh), ang isang tagapamahala na nakatalaga na



mag supervise ang kinakailangang nakatalaga sa lugar, upang matiyak na ang mga patakaran o alituntunin at regulasyon ay pinapanatili.

- Tungkol sa mga lokal na lugar ng mga muslim, ang legal na puwersa ng pansamantalang kautusan ay pinahaba hanggang lingo, Mayo 10.2020 upang maiwasan ang pagbubukas ng mga tindahan at mga negosyo sa pagitan ng mga oras na 19:30 at 03:00 am.
- Ang legal na puwersa ng mga regulasyon o alituntunin ay mananatili hangang Lunes Mayo 18.2020.

Mga Regulasyong Pang- emergency {sa mga limitadong Lugar}

Inaprubahan ng gobyerno ang pagpapalawig ng Mga Regulasyon sa Emergency (Restricted Area) hanggang Martes, Hunyo 2, 2020. Pinapayagan ng extension na ito ang task-specific ministerial committee na magtalaga ng mga lokalidad o bahagi nito, upang maiwasan ang isang panibagong pagsiklab ng Coronavirus bilang isang "pinagbabawal na lugar."

Ang pagpapalawig ng ligal na puwersa ng resolusyon na nag-uutos ng Pangkalahatang Serbisyo ng Seguridad upang makatulong sa pambansang pagsisikap na may kinalaman sa pagkalat ng Coronavirus at pagsulong ng isang pamamaraan ng regulasyon

Nagpasya ang pamahalaan na palawakin ang ligal na puwersa ng resolusyon na nag-uutos ng Pangkalahatang Serbisyo ng Seguridad upang tulungan sa pambansang pagsisikap na kasama ang pagkalat ng Coronavirus hanggang Martes, Hunyo 16th, 2020, o hanggang sa makumpleto ang pamamaraan ng regulasyon at ligal na puwersa. Ang resolusyon na ito ay isinumite at inaprobahan ng Foreign Affairs at Security Committee.

Nanawagan ang Ministry of Health sa publiko na magpatuloy sa pagsunod sa mga patakaran patungkol sa pisikal na paglalakbay, pagsusuot ng mga face mask at pagpapanatili ng kalinisan, para sa pag-secure ng kalusugan ng publiko, at para sa pagpapatuloy at magkasanib na pagsisikap patungkol ng pagkalat ng Coronavirus.